REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-86**

**KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA KAPITAN NG BARANGAY NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAGLAGAY NG MGA "SUGGESTION BOXES" SA MGA HAYAG NA LUGAR NA KANILANG NASASAKUPAN.**

---

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng pinaka-mabilis at maagang pag-aksiyon sa mga kahilingan o suliranin ng mga mamamayan ay isa sa mga tungkulin na dapat gampanan ng mga namumuno ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa mga malayo at liblib na lugar ng bayan ay madaling maipapaabot at maisasaliwalat ang anomang kahilingan na ibig iparating sa pamunuan ng pamahalaang bayan kung mayroong pagdadalhan ng kanilang mga karaingan na malapit sa kanilang lugar na tinitirhan o dinadaanan;

SAPAGKAT, ang mga taong kapos o walang sapat na panahon upang magsadya sa mga kinauukulang tanggapan ng pamahalaang bayan upang iparating ang kanilang mga mungkahi o suliranin ay maaaring ilagak o ihulog na lamang ito sa pinakamalapit na "suggestion box" na nakalagay sa mga hayag o lantad na lugar sa barangay;

SAPAGKAT, magkakaroon ng mga piling tauhan ang pamahalaang bayan upang mangasiwa ng pangongolekta sa araw-araw ng mga liham na inihulog sa mga suggestion boxes ng maiparating kaagad sa kinauukulan para sa karampatang kasagutan at aksiyon;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na atasan ang lahat ng mga Kapitan ng barangay ng Bayan ng Muntinlupa na maglagay ng mga "suggestion boxes" sa mga hayag na lugar na kanilang nasasakupan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA KANILANG PANG-APATNAPU'T SIYAM (49th) NA PANGKARANIWANG PULONG NA GINANAP NOONG IKA-27 NG PEBRERO, 1989.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal
(hindi bumoto)

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal
(hindi bumoto)

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**(kapasiyahan bilang 89-86) :**

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN:**

**RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**PINAGTIBAY: Pebrero 27, 1989**